

# KIAN

KAWASAKI  
INTERNATIONAL  
ASSOCIATION  
NEWS

# KUMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

292

## Laro ng Kawasaki Frontale sa Todoroki

川崎フロンターレのホームゲーム



Ang labanan ng pang-mamamayang grupo [Kawasaki Frontale] ay idaraos sa sarili nitong palaruang Todoroki.

Noong nakaraang taon, nagpakita ng gilas sa labanang J1-League at naging pangalawang tagapagwagi. Ngayong taon naman ay muling nagsisikap para makamit ang tagumpay sa labanang J1 League at Asia Champions League.

Sa darating na Linggo ika-6 ng Mayo sa oras ng alas 4 ng hapon, ay gaganapin ang labanan ng J League (Kawasaki Frontale VS FC Tokyo) samantalang sa ika-9 ng Mayo (Miyerkoles) sa oras ng alas 7 ng gabi ay Asia Champions League (Kawasaki Frontale VS Arema Malang ng Indonesia) ang mapapanood na labanan sa Todoroki.

Inaanyayahan ang lahat na maging bahagi ng Kawasaki Frontale sa pagkamit ng tagumpay para sa Tyampyon ng Japan at Tyampyon ng Asia. Halina't ibahagi ang mainit na pag-suporta kasama ang inyong pamilya at kaibigan, tayo na sa Todoroki Arena.

Ang tiket ay mabibili sa Lawson Ticket o sa Kawasaki Frontale Supporters Club, telepono: 739-6070.

## Newsmail Kawasaki

293


ニュースメールかわさき

Sinimulan na ang serbisyo kung saan ang iba't ibang impormasyon na nanggagaling sa tanggapang pamahalaan ng Siyudad ng Kawasaki ay maaari nang piliin at tanggapin sa pamamagitan ng electronic mail service (Newsmail Kawasaki).

Ito ay mga impormasyong naglalaman ng tungkol sa pagiging handa sa mga panahon ng kalamidad tulad ng lindol at sunog, kasunod dito ang impormasyon ng American Football World Cup na gaganapin sa Hulyo ng taong ito, kabilang na rin ang labing apat (14) na menu ukol sa kagandahan at kapanatagan ng pamumuhay dito sa Kawasaki.

Ang sinumang nais makatanggap ng mga impormasyong ito, irehistro lamang ang mail address ng kompyuter o cellphone upang mapakinabangan ang serbisyong ito. Ang pagpaparehistro ay maaaring isagawa mula sa (home page ng Siyudad) o ng cellphone (mobile Kawasaki)

Para sa detalye, magtanong sa Civic Department City Sales, Public Relation Office: 200-3605




# Kawasaki Eco-Drive

294

かわさきエコドライブ宣言

Isa sa mga pangunahing dahilan ng *Global Heating* (Chikyu Ondanka) ay ang patuloy na pagdami ng usok na nagmumula sa sasakyang gasolinado ng diesel at iba pang basurang sangkot sa pagpapalabas ng maruming hangin sa kapaligiran. Upang iwasan ang mga bagay na ito, ipinapanukala ang tinatawag na "ECODRIVE": ang pagmamaneho ng sasakyang hindi nagbubuga ng Carbon Dioxide at pag-sasagawa ng "Idling Stop". Sa mga paraang ito, ang pagmamanehong ECODRIVE ay makakatulong sa pagtitipid ng gasolina, pag-iwas sa aksidente at iba pang merit ang makakamtan dito.




Sa pagpapatupad sa direktibang Ecodrive ng Kawasaki, nagtatag ng "Kawasaki Ecodrive Promotion Association" kung saan ito ay binubuo ng mga pinuno ng mamamayan at mga empleyado sa sistemang pagpaparehistro.

Inaanyayahan ang lahat na magparehistro at maki-isa sa pagpapatupad ng ecodrive para sa malinis na kapaligiran.

Ang mga detalye ay malalaman sa Environmental Bureau, Public Pollution Management Division: 200-2531 o di kaya sa Environmental Bureau, General Division for Global Heating Prevention In-Charge 200-2514.

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:  
**Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki**



**Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan**

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

**Konsultasyon sa iba't-ibang Wika**

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

**Oras ng Konsultasyon**

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Wikang Kastila: Martes at \* Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

\* Mula ika-1 ng Setyembre, malilipat ang araw ng Huwebes ng wikang Kastila sa araw ng Miyerkoles

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kiankawasaki@kian.or.jp HP URL:<http://www.kian.or.jp/>